



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 13 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 8 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 07 OKTUBRE 2013, IKA – 1:30 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Johnell C. Sinel	
Konsehal Gualberto V. Magno	
Konsehal David D. Dela Cruz	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Elsie P. Galaran	
Konsehal Camilo G. Ferreira	- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:

Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Mary Jennie Leigh Q. Sarmiento	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 038
Taong 2013

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA
NI KAGAWAD ROLANDO GALOS MAGADIA NG
BARANGAY PACLASAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si Kgg. Rolando Galos Magadia ay tunay na simbolo ng isang masipag at matapat na lingkod bayan;

SAPAGKAT, sa kanyang paghilingkod bilang kagawad ng barangay pinagsikupan niyang matugunan sa abort ng kanyang kakayahan ang mga tungkulin na sa kanya ay iniatang bilang Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Paclasan, Roxas, Silangang Mindoro,

SAPAGKAT, sa pagganap sa kanyang tungkulin ipinamalas niya ang dedikasyon at pagpapahalaga sa mga responsibilidad na sa kanya ay itinalaga upang lubos na mapabuti ang kalagayan ng kanyang mga kabarangay at lokal na pamahalaan na kanyang kinabibilangan;

SAPAGKAT, malaking paghanga at paggalang ang kanyang inani mula sa kanyang mga pinagsisilbihan at kasamahan sa Sangguniang Barangay ng Paclasan at kapwa

lingkod bayan dahil sa kanyang ipinamalas na puginamuhul sa tungkulin at sa bayan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa mga naulila ni Kgg. Rolando G. Magadia, Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Paclasan ng bayang ito.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na Kgg. Rolando G. Magadia, Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Barangay Paclasan, Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kanyang naiwang pamilya lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati


PINAGTIBAY: 07 Oktubre 2013

PINATUTUNAYANG WASTO:



FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:



VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/Tagapangulo